lalawigan ng san diego

salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

# mga infiltration na BMP

**Ang mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala (BMP) na Pang-istruktura ng Stormwater ay inilalagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na maiwasan ang mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment, na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang inyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang BMP.**

## *Pinapanatiling Malinis ng mga BMP ang Ating mga Daanan ng Tubig*

Ang inyong mga BMP ay dinisenyo upang mag-alis ng mga pollutant mula sa agos ng stormwater na nabuo sa inyong propyedad, sa pinakamalawak na hangganan na kaya nitong gawin. Bilang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito, hinihingi ng mga regulasyon ng Lalawigan na **magsagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na gumagana nang maayos ang inyong mga BMP.

**Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong hindi bababa sa isang BMP na infiltration sa inyong propyedad.** Upang tulungan kayong magmentena ng BMP na ito, ibinibigay ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang sulat na ito upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa BMP at kung paano mantenahin ang mga ito.

## *Paano Gumagana ang Inyong BMP na Infiltration*

Itinutuon ng mga BMP na infiltration ang agos ng stormwater sa mga lugar kung saan maaaring tumagos sa nakapalibot na lupa. Gumagamit ang mga ito ng natural na pansala upang alisin ang mga pollutant sa agos ng stormwater at bawasan ang paglalabas sa storm drain system. Ang mga aparato para sa infiltration ay maaaring nasa itaas ng lupa, na nasa anyo ng trench o lugar na puno ng graba, o nakakabit sa ilalim ng sementadong lugar na madaling tagusan ng tubig. Karaniwang tuyo ang mga aparato para sa infiltration maliban na lamang sa panahon ng matinding pag-ulan.

mas marami pang impormasyon > > >

20DIS2016

lalawigan ng san diego

salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

# mga infiltration na BMP

## *Hanapin at Mantenahin ang Inyong BMP*

Para hanapin ang aparato para sa infiltration sa inyong propyedad, hanapin ang mga lugar kung saan naiipon ang tubig pagkatapos ng ulan, tulad ng mga madadamo o magrabang mga trench.

Kapag nakita niyo na ang inyong aparato para sa infiltration, mahalagang mantenahin ito. Ang pagpapanatili ng aparato para sa infiltration sa maayos na kondisyon ay tumutulong upang mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na dapat gawin:

- **Alisin ang anumang naipong kalat o debris.**
- **Tabasin ang mga madadamong lugar bago ang tag-ulan (Oktubre 1 hanggang Abril 30).**
- **Palitan ang mga mulch na inanod na o sira na.**
- **I-flush palabas ang mga sediment na nasa ilalim ng mga sementadong lugar na tinatagusan ng tubig. Huwag magpalabas ng wash water sa anumang storm drain inlet. Ilihis ang wash water papunta sa lugar na may pananim.**
- **Ipaayos o palitan ang mga nasira nang bahagi ng BMP.**

Para sa listahan ng iba pang mga gawain, tingnan ang form na patunay ng pagmementena o plano ng pagmementena mula sa developer ng inyong bahay.

Bawat taon, ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ay magpapadala sa inyo ng form na patunay ng pagmementena na sasagutan, pipirmahan, at ibabalik sa Lalawigan. Ang form na ito ay ginagamit upang mapatunayan na nagawa ang kinakailangang pagmementena sa inyong BMP.

Ang hindi paggawa ng kinakailangang pagmementena ng inyong BMP ay maaring magdulot ng pagpapatupad na imbestigasyon o kasunod na inspeksyon.

## *Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:*

**Programa ng Pangangalaga sa Watershed**
**1-858-495-5323**
BMP.Program@sdcounty.ca.gov
https://www.sandiegocounty.gov/stormwater

20DIS2016